Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG NOBYEMBRE, 2019 SA GANAP NA IKA-09:43 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ---------------- | Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHAN BLG. 67(A) T. 2019

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA (DEPARTMENT OF AGRICULTURE) SECRETARY WILLIAM DOLLENTE DAR SA PAMAMAGITAN NI REGION IV-A CALABARZON REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR ARNEL V. DE MESA, NG MGA BINHI NG PALAY, MAIS AT MGA GULAY UPANG MAIPAMAHAGI SA MGA MAGSASAKA SA BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT**, isinusulong ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON ang ***"High Value Crops Development Program"*** o HVCDP na naglalayong paunlarin ang produksyon at pagproseso, pagbibili at distribusyon ng mga ani at pananim na may mataas na halaga o mga high value crops upang pataasin ang kita ng mga magsasaka, makagawa ng mga mapagkakakitaan para sa mga mamamayan at makaambag sa pambansang pagunlad sa pagsasaka;

**SAPAGKAT**, isa sa mga proyekto ng Kagawaran ang pamamahagi ng libreng binhi sa mga magsasaka na bahagi ng kanilang mga pagsusumikap upang pataasin ang pambansang inbentaryo at matiyak ang higit na mabuting paggamit ng mga high-yielding rice varieties at iba pang high value farm products;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaloob ng ayuda sa mga magsasaka gaya ng mga libreng binhi ay makatutulong ng malaki upang makapag-produce sila ng matataas na uri ng ani na hindi nangangailangan ng malaking puhunan sapagkat ang butong pantanim ay malaking kabawasan sa kapital ng mga magsasaka ng Lumban;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Bayan ng Lumban at ang Kagawaran ng Pagsasaka ay nagkakaisa sa layunin nito na pataasin ang produksyon ng pagkain sa bansa at makalikha ng sustinableng kabuhayan para sa mga mahihirap na magsasaka sa mga kanayunan samantalang tinitiyak ang pagpapapagaan nito sa pamamagitan ng libreng binhi bilang karagdagang insentibo sa kanilang dakilang pagpapagal;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan nina Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, Kgg. Geronimo P. Samonte, Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture) Secretary William Dollente Dar sa pamamagitan ni Region IV-A CALABARZON Regional Executive Director Arnel V. de Mesa, ng mga binhi ng palay, mais at mga gulay upang maipamahagi sa mga magsasaka sa Bayan ng Lumban, Laguna

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Arnel V. de Mesa at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-18 ng Nobyembre, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt111819res67A*